Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF BULALACAO
Province of Oriental Mindoro
-oOo-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

MINUTES OF THE SPECIAL SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF BULALACAO, ORIENTAL MINDORO HELD ON MARCH 13, 1991 AT THE MUNICIPAL SESSION HALL

| | | | |
|---|---|---|---|
| PRESENT: | Mayor | Guillermo H. Salas | - Presiding Officer |
| | Vice | Mayor Ludovico C. Silang | - Member |
| | Coun. | Rey T. Amparo | - Member |
| | Coun. | Miguel R. Villar Jr. | - Member |
| | Coun. | Elmo M. Baculinao | - Member |
| | Coun. | Leodigario Gonzales | - Member |
| | Coun. | Emilio T. Gregorio | - Member |
| | Coun. | Nenito S. Ambong | - Member |
| | Coun. | Panganiban Mayot | - Member |
| ABSENT: | Coun. | Trinidad F. Andres | - Member |
| | Coun. | Meynardo S. Bago | - Member |

X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X

Scanned with CamScanner

KAPASIYAHAN BLG. 18

NA HUMIHILING SA MUCDP, MANILA SA PAMAMAGITAN NG PAFID, BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA ISAKATUPARAN MONA ANG PROYEKTONG PANGKABUHAYAN (LIVELIHOOD PROJECT) SA LOW-INCOME UPLAND COMMUNITIES BAGO ISAKATUPARAN ANG PAGTATANIM NG PUNONG KAHOY SA MGA ILOG AT SAPA NA MAY TUBIG O WALANG TUBIG NA WALANG MGA KAHOY AT IBA PANG PROYEKTO NA NAIPROGRAMA SA BULALACAO

SAPAGKAT, ang MUCDP sa pamamagitan ng PAFID sa Bulalacao ay may programang magsasagawa ng pagtatanim ng Punong kahoy sa mga ilog at sapa na walang tubig o may tubig na walang kahoy;

SAPAGKAT, ang proyektong ito ay nakabubuti sa Low-Income Upland Communities lalo't higit mabigyan ng proteksyon ang mga ilog at sapa ng pagkawala ng tubig;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay mayroong naisip na ibang proyektong pangkabuhayan (livelihood project) sa pamamagitan ng pamimigay ng mga hayop katulad ng kalabaw at baka sa mga nangangailangan;

SAPAGKAT, kaugali-an na ng mga Mangyan ang palipat-lipat ng pagkakaingin at ito'y lalong nakakasira sa kagubatan kung kaya't minamabuti na bigyan sila ng mga hayop at mga kagamitan upang permihan na ang kanilang pagbubungkal ng lupa;

DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan na hiniligin sa MUCDP, Manila sa pamamagitan ng PAFID, Bulalacao, Silangang Mindoro na isakatuparan mona ang proyektong pangkabuhayan sa Low-Income Upland Communities, gaya nang naiprograma na sa bayang ito bago isagawa ang pagtatanim ng punong kahoy sa mga ilog at sapa;

PINAGPASIYAHAN PA, na nukod sa Animal Dispersal hihilingin parin na ang mga kagamitan katulad ng araro, suyod at ibang kagamitan ay isama sa pamimigay ng nabanggit na mga hayop para magamit ng mga tao sa kanilang pagbubungkal ng lupa;

PINAGPASIYAHAN parin na ang Resolusyong ito ay ipadadala sa Tanggapan ng MUCDP, Manila sa pamamagitan ng PAFID, Bulalacao, Silangang Mindoro para sa kanilang konsiderasyon at kaukulang hakbang;

Sa mungkahi ni Kgg. Nenito Ambong at pinangalawahan ni Kgg. Panganibayan Mayot, ang Kapasiyahang ito ay. .

PINAGTIBAY NG LAHAT

Scanned with CamScanner

There having no other business to be taken-up, so on motion of Councilor Nenito S. Ambong, seconded by all the memers present, session is adjourned at 12:00 noon;

MAYOR GUILLERMO H. SALAS
Presiding Officer

VICE MAYOR LUDOVICO C. SILANG
Member

COUN. REY T. AMPARO
Member

COUN. MIGUEL R. VILLAR JR.
Member

COUN. ELMO M. BACULINAO
Member

COUN. [illegible] GONZALES
Member

COUN. EMILIO T. GREGORIO
Member

COUN. NENITO S. AMBONG
Member

COUN. PANGANIBAN MAYOT
Member

EDUARDO A. BURUANGA
Municipal Secretary

Scanned with CamScanner